JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Ihsaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 5

# ARTS

## Quarter 3 - Module 1:

## Paglilimbag



Pangalan ng Mag-aral:______________________________

Bitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________



# Alamin

Ang mga katutubong kwentong bayan ay binubuo ng mga tauhan na hango sa kaisipan at imahinasyon. Malikhaing isinasalaysay nito ang kabayanihan,kagandahan,at pambihirang kapangyarihan ng mga katutubong tauhan.

Nanatiling buhay sa iba't- ibang salinlahi ang mga katutubong kwentong bayan at marami sa mga ito ay nasulat o nalimbag sa mga aklat,komiks at naipalabas sa telebisyon at pelikula. May naalala ka pa ba sa mga karakter na ito? Naalala mo pa ba ang kanilang kwento?

Gamit ang iba't ibang teknik o pamamaraan ng paglilimbag,bibigyang buhay muli ang mga karakter na ito.

Sa modyul na ito, inaasahan na makakamit mo ang mga sumusunod na layunin:

Natatalakay ang bagong pamamaraan sa paglilimbag gamit ang mga bagay tulad ng linoleum , rubber(sole of shoes) o soft wood upang makabuo ng dibuho gamit ang iaba't ibang angkop na kulay.( A5PR-3a-f)



# Balikan

Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap.Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa inyong notbuk.

1. Ang tawag sa likhang-sining na nagpapakita ng likas na tanawin.
   A. Paglilimbag
   B. landscape
   C. monoprint
   D. pag-ukit

2. Ang teknik na________ay ang paglalapat ng kulay sa pamamagitan ng mga tuldok gamit ang dulong bahagi ng brush na isinasawsaw sa pintura.
   A. Monoprint
   B. Paglilimbag
   C. Pointillism
   D. Pag-ukit

3. Sa Landscaping ay mahalagang hatiin ang larawan sa_____ bahagi.
   A. Dalawa
   B. Tatlo
   C. Apat
   D. Lima

4. Ang background ay dapat kulayan ng_________na kulay.
   . A. Matingkad
   B. Maini

C. Mapusyaw
D.Malamlam

5. Aling bahagi ng larawan ang kulayan ng madilim sa landscape?
   A. Foreground
   B. Middleground
   C. Background
   D. Higher ground



## Tuklasin

Tunghayan ang larawan. Subukang sagutin ang mga kasunod na mga katanungan. Isulat sa inilaang patlang ang sagot.



**Gawain I-** Isulat ang T kung tama ang pangungusap tungkol sa larawan sa itaas at H kung hindi.Gawin ito sa inyong notbuk

.

_____1.Ang larawan ay isang halimbawa ng paglilimbag.

______2.Rubber cut ang uri ng paglilimbag na ginamit dito.

______3.Lapis ang ginamit sa pagdiin ng ginuhit na larawan

.

______4. Krayola ang ginamit na pangkulay sa larawan.

______5. Ang artist na gumawa ng larawang ito ay taga Palawan.

Gawain 2-Lagyan ng tsek(/) ang pangungusap na nagsasabi tungkol sa paglilimbag at ekis(x) naman kung hindi.

_____1. Iguguhit ang larawan o disenyong ililimbag sa isang hiwalay na papel.

_____2. Gamit ang bolpen na walang tinta, iguhit ang anyo ng bulaklak ng maninipis na linya.

_____3. Ihanda ang mga kagamitan sa paglilimbag.

_____4. Ipatong nang dahan-dahan ang papel sa ibabaw ng iginuhit na larawan .Iwasang gumalaw ito.

_____5. Ilipat ang disenyong inukit sa isang papel.



# Suriin

Ang pag-aaralan mo ngayon ay isang uri ng paglilimbag.

Ang sining ng paglilimbag ay nagsisimula sa bansang Tsina dantaon na ang nakalipas.Ginamit nila ang paglilimbag bilang pamamaraan ng pagtala ng kasaysayan ng kanilang bansa.Ginamit din nila itong paraan sa pagkukwento gamit ang mga larawan.
Sa bansang Hapon,ang paglilimbag ay pinalawak bilang isang sining. Ang ukiyo-e ay mga larawang nilimbag na nagpapakita ng pang araw-araw na gawain at larawan ng buhay. May iba't ibang uri ng sining ng paglilimbag na ipinakilala at pinasikat sa Asya, Europa,Africa,at iba pang bahagi ng mundo.

Ang mga bagay sa bahay at paligid ay nagtataglay ng iba't ibang hugis at disenyo katulad ng linoleum, rubber(sole of shoes) o softwood na maaaring gamitin sa paglilimbag upang makabuo ng isang likhang sining.

Ang paglilimbag(printmaking) ay isang uri ng sining.Malimit, ito ay nagpapakita ng mga dibuho.Kung minsan, salita o titik lamang ang ipinakikita.Ngunit lahat ng uri ng paglilimbag ay maaaring gawing paulit- ulit.

Ang bagong pamamaraan sa paglilimbag ay sa pamamagitan ng pag-iwan ng bakas sa ipinintang bagay.

Ang pagiging malikhain ay tunay na kahali halina lalo na kung ikaw ay may kakayahan sa paggawa ng mga ito. Gayun pa man dapat nating tandaan na kahit na tayo ay bihasa sa paggamit ng mga ito ay kailangan pa rin natin ng ibayong pag-iingat upang di maaksidente.

Mga Hakbang sa Paggawa:

1. Ihanda ang mga kagamitan na gagamitin sa isasagawang paglilimbag na nakalap sa inyong tahanan.

2. Pagsunod-sunorin ang mg bagay ng gagamitin.

3. Mag-isip ng disenyo na nais mong mailimbag .Ang mga disenyong gagamitin ay hango sa iba't –ibang mga bagay na may bakas na matatagpuan sa tahanan at kapaligiran

4. Gumuhit sa linoleum,rubber o malambot na kahoy ng isang magandang imahinasyon na kaya niyong gawin.

5. Gamit ang mga pag-ukit.Ukitin ang mga iginuhit sa linoleum,rubber o malambot na kahoy sa maingat na pamamaraan ng paghawak sa mga kagamitan pang-ukit.

6. Gayundin ihanda ang bond paper, paint o water based ink, brush at linoleum, rubber o wood curving na gagamitin.

7. Kulayan ang mga bagay na may bakas na bahagi at pagkatapos idiin ito sa papel.

8. Ilimbag nang paulit-ulit upang lumabas ang isang dibuho.

9. Patuyuin ang nilimbag na disenyo.

10. Isumite ang natapos na gawain sa guro.



















# Pagyamanin

**Gawain3-** Basahing mabuti ang mga salita o lipon ng mga salita sa kolum A at iugnay ito sa kolum B.Isulat lamang ang titik ng iyong sagot sa linya bago ang bawat bilang.Gawin ito sa inyong notbuk.

| A | B |
|---|---|
| _____1. Asya | a. materyal na ginagamit sa paglilimbag |
| _____2. rubber cut | b. binubuo ng mga tauhan hango sa kaisipan at imahinasyon |
| _____3. paglilimbag | c. Dito nagsimula ang sining ng paglilimbag dantaon na ang nakalipas. |
| _____4. katutubong kwentong bayan | d. Isa sa mga continente na ipinakilala at pinasikat ang paglilimbag |
| ______5. Tsina | e. inuukit ang imahe at ilimbag ito sa pamamagitan . ng paghagod ng kamay sa ibabaw ng papel. |



# Isaisip

Ang **paglilimbag** ay isa sa mga gawaing pansining na magagawa sa pamamagitan ng pag-iwan ng bakas ng isang kinulayang bagay. Ito'y maaaring isagawa sa pamamagitan ng iba't ibang bagay na matatagpuan sa paligid at pamayanan halimbawa ang linoleum,softwood,rubber (soles of shoes).



# Isagawa

**Gawain 1**-Ipagsunod-sunod ang mga tamang hakbang o pagsagawa ng rubber cut na paglilimbag. Gamitin ang mga bilang sa pagsunud-sunod nito

_____1. Isipin ang disenyong iguguhit sa ibabaw ng rubber cut.

_____2. Ilipat ang disenyong inukit sa papel.

_____3. Ihanda ang mga kagamitan.

_____4. Iukit ang disenyong ginuhit gamit ang carving tool. Maging maingat sa pag-uukit ng disenyo para maging maganda ang imahe na ililimbag.

.

**Gawain 2**

Basahing mabuti ang mga pangungusap.Isulat lamang ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel.

1.Ang pag-print ay ang prosesong paglikha ng mga likhang-isip normal sa pamamagitan ng

A. paglimbag sa papel
B. pagguhit sa karton
C. pag-ukit sa sabon
D. pagguhit sa dahon

2.Paano ang makabagong pamamaraan ng paglilimbag?

A. sa pamamagitan ng pagguhit ng bakas sa ipinintang bagay.
B. sa pamamagitan ng paggamit ng linoleum,goma at softwood.
C. sa pamamagitan ng pag-ukit sa sabon
D. sa pamamagitan ng pagguhit sa karton

3.Mainam ang paggamit ng softwood sa paglilimbag dahil

A.madali itong iguhit
B.malambot ito at madaling mabali
C.madali itong kulayan
D.madaling ukitan ng larawan

4.Sa pamamagitan ng paglilimbag ay

A.mapagyayaman ang ganda ng mga gawaing pansining
B.mailalarawan ang sining
C.mabigyang pansin ang kagandahan ng sining
D.matutulungan ang industriya ng sining

5.Sa pamamagitan ng kulay ng gawaing sining ay maipapakita ang

A.pagkakaintindi ng pintor sa ginawang sining
B.maipahayag ng lubusan ng pintor ang kanyang imahinasyon
C.maipakita niya ang imahinasyon
D.mabigyang kahulugan ang sining



# Tayahin

Basahing mabuti ang mga pangungusap.Piliin ang tamang sagot.Isulat lamang ang titik sa sagutang papel.

1.Ang ____ ay isang uri ng sining kung saan ang larawan na iginuhit o inukit ay inilipat sa ibabaw ng papel,tela, kahoy, at iba pang bagay.

A. paglililok
B. pagpapanday
C. pagpipinta
D. Paglilimbag

2.Ang paglilimbag ay nagsimula sa bansang _________.

A. Japan
B. China
C. Europa
D. Singapore

3.Ang______ ay isang uri ng paglilimbag kung saan one of a kind o natatangi ang bawat malilikhang larawan.

A. linoblock
B. string painting
C. cardboard printing
D. monoprinting

4.Ang______ ay mga larawang nilimbag na nagpapakita ng pang-araw-araw na gawain at larawan ng buhay sa Japan.

A. Hagiyoh
B. Hanga
C. Ukiyo-e
D. Monoprint

5.Ang_____ ay isang uri ng material na ginagamit sa paglilimbag na madaling masira kumpara sa linoleum.

A. Plastic
B.kahoy
C.Rubber cut
D.Metal

6.Ang mga kwentong bayan tulad ng Mariang Makiling at Bernardo Carpio ay magagamit na _______sa paglilimbag.

A.Karakter
B.Kulay
C.Material
D.Paksa

7.Si ________ay isa sa pinakakilalang tauhan na diwata sa mga kwentong bayan.

A. Mariang Sinukuan
B. Maria Leonora Teresa
C. Maria Agila
D. Mariang Makiling

8.Ang pagguhit at pag-ukit ng mga linya sa kahoy na ililimbag ay mahalaga dahil____.

A.Nakapagbibigay ito ng biswal na pandama
B.Nagpapahayag ito ng biswal na paghinga
C.Naglalahad ito ng biswal na paningin
D.Nagpapatunay ng biswal na gamit sa paglilimbag

9.Ang paglimbag na nagagawa ng isang pagkakataon at hindi nauulit ay tinatawag na_____

A.Serigraph
B.Mesotint
C.Monoprint
D.Aquatint

10.Mahalaga ang mga sinaunang nilimbag na larawan dahil ito ay nagpapakita ng _____.

A.larawan ng mga mayaman na pamilya
B.larawan ng mga tauhan mula sa relihiyon
C.larawan ng buhay sa kanayunan
D.larawan ng digmaang pandaigdig

# Sangunian

Arts Yunit 3 Kagamitan ng Mag-aaral
Halinang Umawit at Gumuhit Pages 136 – 151

**Development Team**

Writer: **Rowelita M. Democrito**
**Marissa M. Tabuniag**
**Milagros Isabel S. Rendal**
Isabela Central Elementary Pilot School
Isabela City Schools Division

Editor:
Language Editor:
Proof Reader: **Josiah F. Tuballa**
Isabela Central Elementary Pilot School
Isabela City Schools Division

Illustrator: **Susan A. Abiera**
Isabela Central Elementary Pilot School
Isabela City Schools Division

Layout Artist: **Regine Marie T. Tumanday**
Isabela Central Elementary Pilot School
Isabela City Schools Division

Management Team:
**Julieto H. Fernandez,Ed. D, CESO VI**
SDS – Isabela City
**Maria Laarni T. Villanueva, Ed. D. CESE**
ASDS – Isabela City
**Henry R. Tura**. CID Chief
**Elsa A. Usman** LR Supervisor
**Jani P. Ismael,** EPS-MAPEH, Module Coordinator

**I Am a Filipino**

**by Carlos P. Romulo**

I am a Filipino–inheritor of a glorious past, hostage to the uncertain future. As such I must prove equal to a two-fold task–the task of meeting my responsibility to the past, and the task of performing my obligation to the future.

I sprung from a hardy race, child many generations removed of ancient Malayan pioneers. Across the centuries the memory comes rushing back to me: of brown-skinned men putting out to sea in ships that were as frail as their hearts were stout. Over the sea I see them come, borne upon the billowing wave and the whistling wind, carried upon the mighty swell of hope– hope in the free abundance of new land that was to be their home and their children's forever.

I am a Filipino. In my blood runs the immortal seed of heroes–seed that flowered down the centuries in deeds of courage and defiance. In my veins yet pulses the same hot blood that sent Lapulapu to battle against the first invader of this land, that nerved Lakandula in the combat against the alien foe, that drove Diego Silang and Dagohoy into rebellion against the foreign oppressor.

The seed I bear within me is an immortal seed. It is the mark of my manhood, the symbol of dignity as a human being. Like the seeds that were once buried in the tomb of Tutankhamen many thousand years ago, it shall grow and flower and bear fruit again. It is the insignia of my race, and my generation is but a stage in the unending search of my people for freedom and happiness.

I am a Filipino, child of the marriage of the East and the West. The East, with its languor and mysticism, its passivity and endurance, was my mother, and my sire was the West that came thundering across the seas with the Cross and Sword and the Machine. I am of the East, an eager participant in its spirit, and in its struggles for liberation from the imperialist yoke. But I also know that the East must awake from its centuried sleep, shake off the lethargy that has bound his limbs, and start moving where destiny awaits.

I am a Filipino, and this is my inheritance. What pledge shall I give that I may prove worthy of my inheritance? I shall give the pledge that has come ringing down the corridors of the centuries, and it shall be compounded of the joyous cries of my Malayan forebears when first they saw the contours of this land loom before their eyes, of the battle cries that have resounded in every field of combat from Mactan to Tirad Pass, of the voices of my people when they sing:

"I am a Filipino born to freedom, and I shall not rest until freedom shall have been added unto my inheritance—for myself and my children and my children's children—forever."

*(Reprinted from The Philippines Herald, August 16, 1941)*

**My Final Farewell**

Farewell, dear Fatherland, clime of the sun caress'd Pearl of the Orient seas, our Eden lost!,
Gladly now I go to give thee this faded life's best, And were it brighter, fresher, or more blest
Still would I give it thee, nor count the cost.

On the field of battle, 'mid the frenzy of fight,
Others have given their lives, without doubt or heed; The place matters not-cypress or laurel or lily white, Scaffold or open plain, combat or martyrdom's plight, T is ever the same, to serve our home and country's need.

I die just when I see the dawn break,
Through the gloom of night, to herald the day;
And if color is lacking my blood thou shalt take,
Pour'd out at need for thy dear sake
To dye with its crimson the waking ray.

My dreams, when life first opened to me,
My dreams, when the hopes of youth beat high, Were to see thy lov'd face, O gem of the Orient sea From gloom and grief, from care and sorrow free; No blush on thy brow, no tear in thine eye.

Dream of my life, my living and burning desire,
All hail ! cries the soul that is now to take flight;
All hail ! And sweet it is for thee to expire ;
To die for thy sake, that thou mayst aspire;
And sleep in thy bosom eternity's long night.
If over my grave someday thou seest grow, In the grassy sod, a humble flower,
Draw it to thy lips and kiss my soul so,
While I may feel on my brow in the cold tomb below The touch of thy tenderness, thy breath's warm power.

Let the moon beam over me soft and serene,
Let the dawn shed over me its radiant flashes,
Let the wind with sad lament over me keen;
And if on my cross a bird should be seen,
Let it trill there its hymn of peace to my ashes.
Let the sun draw the vapors up to the sky,
And heavenward in purity bear my tardy protest Let some kind soul o 'er my untimely fate sigh, And in the still evening a prayer be lifted on high From thee, 0 my country, that in God I may rest.

Pray for all those that hapless have died,
For all who have suffered the unmeasur'd pain; For our mothers that bitterly their woes have cried,

For widows and orphans, for captives by torture tried, And then for thyself that redemption thou mayst gain.

And when the dark night wraps the graveyard around With only the dead in their vigil to see
Break not my repose or the mystery profound
And perchance thou mayst hear a sad hymn resound 'T is I, O my country, raising a song unto thee.

And even my grave is remembered no more
Unmark'd by never a cross nor a stone
Let the plow sweep through it, the spade turn it o'er That my ashes may carpet earthly floor,
Before into nothingness at last they are blown.

Then will oblivion bring to me no care As over thy vales and plains I sweep;
Throbbing and cleansed in thy space and air
With color and light, with song and lament I fare, Ever repeating the faith that I keep.

My Fatherland ador'd, that sadness to my sorrow lends
Beloved Filipinas, hear now my last good-by!
I give thee all: parents and kindred and friends
For I go where no slave before the oppressor bends, Where faith can never kill, and God reigns e'er on high!

Farewell to you all, from my soul torn away,
Friends of my childhood in the home dispossessed ! Give thanks that I rest from the wearisome day !
Farewell to thee, too, sweet friend that lightened my way;
Beloved creatures all, farewell! In death there is rest!

(This is the 1911 translation by Charles Derbyshire of the Spanish original of José Rizal's poem, Mi Ultimo Adiós)